Name ______________________________ Class _____________ Date ______________

# Ang Mahalagang Tanong
# Kaugnayan ng Paaralan sa Tahanan

Binibigyan-diin ng Yunit 3 ang Mahalagang Tanong: Ano ang mga katangian ng masarap na buhay? Sa buong yunit na ito, matututunan mo ang mga tao, mga lugar, at mga gawain na nagpapasarap ng buhay. Bago mo ihanda ang iyong mga sariling sagot sa Mahalagang Tanong, alamin muna kung ano ang iniisip ng iyong mga magulang o ibang mga nakatatanda. Pumili ng isa sa mga gawain sa ibabâ na gagawin sa tahanan.

## GAWAIN: Survey

1. Sabihin sa iyong mga kapamilya na sagutin ang Mahalagang Kuru-kuro. Isulat ang mga sagot sa isang hiwalay na papel.
2. Kasama ng isang magulang o ibang taong nakatatanda, basahin ang mga sagot sa iyong survey.  Ano ang mga karaniwang sagot? Ano ang masasabi mo tungkol sa mga bagay na para sa iyong pamilya ay mahalaga sa buhay?

## GAWAIN: Nagkukuwentong Tulá

1. Kasama ng isang kapamilya, pag-isipan ang isang masayang alaala sa pamilya na may kinalaman sa inyong dalawa. Pag-usapan ang mga pangyayari ng alaala na iyon, kabilang ang damdamin mo dahil sa mga pangyayaring ito. Ilista ang mga pangyayari at mga damdamin sa isang hiwalay na papel.
2. Pagkatapos ay magtulungan kayo upang sumulat ng isang maikling nagkukuwentong tulá tungkol sa alaala. Ang uri ng tulá na ito ay nagkukuwento. Tandaan na gumamit ng mga detalye upang tulungan ang iba na maranasan ang naramdaman mo sa alaala na ito.

## GAWAIN: Malayang Pagsusulat

1. Basahin ang Mahalagang Tanong sa isang magulang o ibang nakatatanda. Pagkatapos ay mag-set ng timer para sa isang minuto. Sa minutong ito, ang bawat isa sa inyo ay dapat malayang magsulat at maglista ng mga tao, mga lugar at mga gawain na nagpapasarap sa buhay. Basta magsulat lamang—huwag mag-alalá kung ang inyong mga sagot ay “tama” o “mali.”
2. Kapag tapos na kayo, dapat basahin ng bawat isa sa inyo ang inyong mga listahan at bilugan ang sa inaakala ninyo ay ang inyong mga pangunahing kuru-kuro. Ibahagi at talakayin ang inyong mga dahilan para sa mga piniling ito.

Copyright© by The McGraw-Hill Companies, Inc.